Manual Ng botante

3 novembre 2013

Élection Montréal

jevotepourmaville.ca

Ipinapaalam sa inyo ng punong opisyal ng pagbabalik (Returnig officer) ang tungkol sa inyong mga karapatan

Maaari ba kayong bumoto?

Upang makaboto, kailangan kayong maisali sa listahan ng boboto at tuparin ang mga sumusunod na kundisyon sa araw ng paghahalal:

- maging 18 taong gulang o higit pa;
- maging mamamayan ng canada; at
- nanirahan sa Québec sa nakalipas na anim na buwan.

Nakasali ba ang inyong pangalan sa listahan ng boboto?

Matitiyak ninyo ito sa pamamagitan ng pagkunsulta sa notipikasyon na inyong natanggap sa inyong tahanan.

Paano ninyo isasali ang nyong pangalan sa listahan ng boboto?

Kailangan ninyong pumunta sa opisina ng pagbabago (revision office) upang maghain ng aplikasyon ng pagsali o pagtatama sa listahan ng boboto. Ang isang amag-anak, ang inyong asawa o isang kasambahay ay maaaring maghain ng aplikasyon para sa inyo.

kailangan ninyong magpakita ng dalawang dokumento ng identipikasyon kasama ng inyong aplikasyon; kung hindi, ito ay di-tatanggapin.

Unang dokumento

Ang una ay dapat magpakita ng inyong pangalan at ang petsa ng inyong kapanganakan. **Halimbawa:** Sertipiko ng kapanganakan, card ng seguro ng kalusugan, pasaporte ng canada

Pangalawang dokumento

Ang pangalawa ay kinakailangang magpakita ng inyong pangalan at ang inyong tirahan. **Halimbawa:** Lisensiya ng pagmamaneho, bill ng telepono o kuryente.

Saan matatagpuan ang opisina ng pagbabago (revision office)?

ang kinaroroonan ng inyong opisina ng pagbabago at ang mga araw at oras na ito ay bukas at makikita sa notipikasyon na natanggap ninyo sa inyong tahanan.

Saan at kailan ako makaboboto?

Ilang araw bago ang araw ng paghahalal, makatatanggap kayo ng card ng paalala na magsasabi kung saan at kailan kayo boboto. sa araw ng paghahalal, pumunta sa minarkahang direksiyon sa pagitan ng10. ng umaga at 8 ng gabi. Maaari din kayong bumoto sa maagang paghahalal. Ang kinaroroonan at mga araw ng pagbubukas at mga oras ng inyong himpilan ng maagang paghahalal ay makikita sa notipikasyon na matatanggap ninyo sa inyong tahanan.

PAGBABAGO: Mayroon kang apat na araw paramakaboto

Hindi ka maaaring bumoto sa araw ng botohan o sa maagang paghahalal? Mayroon pang apat na araw para makaboto sa tanggapan ng iyong nagbabalik na opisyal (returning officer) o sa isa sa mga natalagang opisina.

kung nais mong malaman ang mga araw at oras ng pagbubukas ng iyong himpilan, mangyaring bumisita sa aming web site o makipag-ugnayan sa opisina ng nagbabalik na opisyal aaaaa9returning officer.

Papaanong bumoto?

Step 1 Unang Hakbang Ang isang opisyal ng eleksyon ay magsisiyasat ng inyong pagkasali sa listahan ng boboto.

Step 2 Pangalawang Hakbang Ipapakilala ninyo ang inyong sarili at magpapakita ng isang ID.

Step 3 Pangatlong Hakbang kayo ay bibigyan ng mga papel na balota.

Step 4 Pangapat na Hakbang pumunta kayo sa kubol tanghalan kung saan kayo makapipili ng lihim. Mamarkahan ninyo ang papel na balota sa isa lamang sa mga bilog sa pamamagitan lamang ng lapis na ibibigay sa inyo ng kinatawan na nagbabalik na opisyal (deputy returning officer).

Step 5 Panlimang Hakbang bumalik sa lamesa matapos bumoto.

Step 6 Panganim na Hakbang kayo mismo ang magdeposito ng inyong mga papel na balota sa kahong pangbalota.

Mahalaga! Upang makaboto, kailangan ninyong mapatunayan ang inyong pagkatao sa pamamagitan ng pagpapakita ng isa sa mga sumusunod na dokumento:

- card ng seguro ng kalusugan;
- lisensiya ng pagmamaneho;
- pasaporte ng canada;
- sertipiko ng katayuang Indian;
- Identification card ng canadian Forces

Kayo ba ay hindi makakilos?

kung kayo ay hindi makakilos dahil sa kalusugan, makaboboto kayo sa inyong tinitirhan. upang magawa ito, kailangang magpadala ng nakasulat na aplikasyon sa nagbabalik na opisyal ng inyong dibisyong bobotohan. kung nais ninyong bumoto sa inyong tinitirhan, makakukuha kayo ng impormasyon sa kung paaanong magparehistro sa pamamagitan ng pakikipagpaalam sa opisinang nagbabalik na opisyal(Returning Officer)

Mayroon bang ga katanungan?

- Kumunsulta sa aming website: **www.jevotepourmaville.ca**
- Tawagan kami sa: **514-872-VOTE (8693**)
- Mag E-mail sa amin sa: **election@villa.montreal.qc.ca**

Manuel de l'électeur – Résumé – Tagalog
Source : Le Directeur général des élections du Québec